## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 6 ★

*Proposisyon 6: Pagtatapos ng Pang-aalipin sa Sistema ng Pagkulong sa California*

BUMOTO NG OO sa PROPOSISYON 6. Ang Proposisyon 6 ay nag-aalis ng lahat ng anyo ng pang-aalipin at hindi boluntaryong paglilingkod sa loob ng California, na tinitiyak na walang tao ang mapapasailalim sa ganitong mga kondisyon anuman ang kanilang kalagayan sa pagkakakulong.

*ANG PROPOSISYON 6 AY NAGBABALIK NG DIGNIDAD NG TAO SA PAMAMAGITAN NG PAGTATAPOS NG SAPILITANG TRABAHO, NA ITINUTURING NA PANG-AALIPIN AT LUMALABAG SA MGA KARAPATANG PANTAO.* Ang mga nakakulong na tao ay dapat magkaroon ng dignidad at kakayahang magpatuloy sa isang landas ng rehabilitasyon dahil ang sapilitang trabaho ay walang layuning kaugnay ng rehabilitasyon. Ang amyenda na ito ay nakatuon sa moral na obligasyon ng pagpapahintulot sa mga boluntaryong gawain, na binibigyang-diin ang kahalagahan ng mga karapatang pantao.

*PROPOSISYON 6 AY NAGPAPABUTI NG KALIGTASAN NG PUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPAHALAGA SA REHABILITASYON.* Ang sapilitang trabaho sa mga bilangguan ay malupit at hindi makatarungan, kadalasang nagreresulta sa malupit na parusa tulad ng karahasan, pagkulong ng nag-iisa sa selda, at pagkakait ng mga serbisyo. Ang mga gawaing ito ay nagpapahina sa rehabilitasyon at nagpapataas ng posibilidad ng muling paglabag sa batas. Kasalungat nito, pinapalawak ng Proposisyon 6 ang mga boluntaryong programa ng trabaho sa bilangguan at tinitiyak ang dignidad, pagpili, at rehabilitasyon. Ang mga nakakulong na indibidwal ay boluntaryong makikibahagi sa edukasyon, pagsasanay sa trabaho, at iba pang mga programa na makakatulong na maiwasan ang mga krimen laban sa mga taga-California.

*ANG PAGTATAPOS NG PANG-AALIPIN AY ISANG DALAWANG PARTIDONG PRIYORIDAD NA MAY MALAWAK NA SUPORTA.* Ang ACA 8, na kilala ngayon bilang Proposisyon 6, ay pumasa nang may buong pagkakaisa sa Asembleya (68-0) at may napakalaking pag-apruba sa Senado (33-3). Ang California ay isa sa 16 na estado na nagpapahintulot pa rin sa gawaing ito, binibigyang-diin ang agarang pangangailangan para sa reporma.

*SINUSUPORTAHAN NG PROPOSISYON 6 ANG PAMBANSANG KILUSAN SA PAMAMAGITAN NG PAGSASARA NG BUTAS SA BERSYON NG CALIFORNIA NG IKA-13 AMYENDA.* Bagama't hindi nito binabago ang pederal na batas, itinataguyod nito ang hustisya sa pamamagitan ng pagpigil sa sapilitang trabaho sa California. Ang mga boluntaryong programa sa trabaho ay nagpapababa ng muling pagkakakulong sa pamamagitan ng pagbuo ng kasanayan at rehabilitasyon, na tumutulong sa mga dating nakakulong na indibidwal na muling makapasok sa lipunan. Ang produktibong trabaho, na nakaugat sa dignidad, ay nagpapahintulot ng muling pagsasama sa lipunan sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa mga dating nakakulong na tao na gamitin ang kanilang mga karanasan sa trabaho bilang patunay ng kanilang mga pagsisikap.

Maraming estado ang nag-amyenda ng kanilang mga konstitusyon upang isara ang mga butas na nagpapahintulot ng sapilitang trabaho at hindi boluntaryong paglilingkod sa ilalim ng partikular na kondisyon. Kasama rito ang makabuluhang suporta ng mga botante: mahigit 66% sa Colorado (2018), mahigit 80% sa Utah, at mahigit 68% sa Nebraska (2020). Noong 2022, ang mga katulad na hakbang ay nakakuha ng mahigit 76% na pag-apruba sa Alabama, mahigit 55% sa Oregon, mahigit 79% sa Tennessee, at mahigit 88% sa Vermont. Tinutukoy din ng Nevada ang isyung ito sa mga botante para sa halalan sa 2024. Bukod pa rito, ang mga pederal na mambabatas ay kumikilos sa sesyong ito upang isara ang butas sa Ika- 13 Amyenda sa pamamagitan ng Senate Joint Resolution 33, na ipinakilala nina Senador Jeff Merkley at Cory Booker, at Pinagsamang Resolusyon ng Kapulungan 72 ni Kinatawan Nikema Williams.

**Lori Wilson**, Miyembro ng Asembleya
Lehislatura ng California

**Dolores Huerta**, Ehekutibong Direktor
Dolores Huerta Foundation

**Stephen Downing**, Kinatawang Hepe (Ret.)
Pagtutulungan sa Aksyon sa Pagpapatupad ng Batas


Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.

★ **PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 6** ★

# WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 6 NA ISINUMITE.